Mabini Review
Volume XV, No. 2, 2025

Polytechnic
University of the
Philippines




# Ang Kasaysayan at Diskurso ng mga Museo sa Center for Kapampangan Studies

## *The History and Discourse of the Center for Kapampangan Studies' Museums*

Wilma M. Cruz
Pampanga State University
cruzmwilma@gmail.com

DOI: https://doi.org/10.70922/pghpc897

Submit to this journal

Other related articles

Announcements

Other PUP Journals

Article History:

Received: April 23, 2025
Accepted : September 16, 2025
Revised: September 20, 2025

How to Cite this paper:

Cruz, Wilma M. "Ang Kasaysayan at Diskurso ng mga Museo sa Center for Kapampangan Studies "The History and Discourse of the Center for Kapampangan Studies' Museums"." *Mabini Review* 15, no. 2 (2025): 151–174. https://doi.org/10.70922/pghpc897

Other citation formats:

APA MLA

Please contact the publisher for any further use of this work at mabinireview@pup.edu.ph.

Copyright © 2025

CC BY-NC 4.0

# Ang Kasaysayan at Diskurso ng mga Museo sa Center for Kapampangan Studies "The History and Discourse of the Center for Kapampangan Studies' Museums"

Wilma M. Cruz
Pampanga State University
cruzmwilma@gmail.com

## Abstrak

Sa loob ng mahigit dalawang dekada, ang Center for Kapampangan Studies (CKS) ng Holy Angel University (HAU) ay naging pangunahing institusyon sa pananaliksik, pangangalaga, at pagpapalaganap ng kulturang Kapampangan. Isa sa mga pinakamahalagang ambag nito ay ang pagtatatag ng mga museo na nagsisilbing tagapagpatibay at tagapagpaunlad ng pagkakakilanlang Kapampangan. Gayunpaman, hindi pa lubusang natitipon at nasusuri ang kasaysayan ng mga museo ng CKS. Bilang tugon, ang pananaliksik na ito ay naglalayong magsagawa ng unang sistematikong pagsusuri sa kasaysayan ng mga museo ng CKS upang mapalawig ang diskurso sa Araling Kapampangan, Araling Pangmuseo, at pananaliksik sa kultural na identidad. Ginamit ang panayam bilang pangunahing metodolohiya, kung saan ang mga namumuno ng mga museo ang nagsilbing pangunahing kalahok. Pinagtibay din ito ng mga umiiral na dokumento tungkol sa CKS. Ipinakikita ng pag-aaral ang mga diskursibong pundasyon at adhikain ng CKS na nagbigay-gabay sa disenyo, tema, at layunin ng mga museo, pati na rin ang mga hamon at pagbabago sa paglipas ng panahon na nakaapekto sa estruktura, tema, at nilalaman ng mga ito. Sa kabuuan, ang CKS ay nagsisilbing 'one-stop shop' para sa kasaysayan, sining, at identidad ng mga Kapampangan at ang mga museo nito ay binubuo ng mga permanente at pansamantalang eksibit. Hindi lamang ito tagapangalaga ng kasaysayan kundi isang dinamikong espasyo na nag-uugnay sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap. Ipinakikita ng pananaliksik na ang mga museo ng CKS ay patuloy na nagbabago at umaangkop sa nagbabagong panahon habang pinangangalagaan ang kultural na identidad ng mga Kapampangan.

Mga Susing Salita: *Araling Pangmuseo, Center for Kapampangan Studies (CKS), identidad, Kapampangan, Kasaysayan ng museo*

## Abstract

For over two decades, the Center for Kapampangan Studies (CKS) of Holy Angel University (HAU) has become a leading institution in the research, preservation, and promotion of Kapampangan culture. One of its most important contributions is the establishment of museums that serve as pillars


© 2025 Cruz, W.M. | ISSN: 2012-2144 (Print) | ISSN: 2546-0757(Online)

in strengthening and developing Kapampangan identity. However, the history of the CKS museums has not yet been fully gathered and analyzed. In response, this research aims to conduct the first systematic study of the history of the CKS museums to expand the discourse on Kapampangan studies, museum studies, and cultural identity research. Interviews were used as the primary methodology, with museum leaders as the main participants. This was also supplemented by existing documents related to CKS. The study presents the discursive foundations and objectives of CKS that guided the design, themes, and goals of the museums, as well as the challenges and changes over time that affected their structure, themes, and content. Overall, the CKS serves as a 'one-stop shop' for the history, art, and identity of the Kapampangan, and its museums consist of both permanent and temporary exhibits. These museums are not only preservers of history but also dynamic spaces that connect the past, present, and future. The research shows that the CKS museums continue to evolve and adapt to changing times while preserving the cultural identity of the Kapampangan.

Keywords: *Center for Kapampangan Studies (CKS), identity, Kapampangan, Museum Studies, museum history*

## PANIMULA

Sa loob ng mahigit dalawang dekada, ang Center for Kapampangan Studies (CKS) ng Holy Angel University (HAU) ay nagsilbing pangunahing institusyon sa pananaliksik, preserbasyon, at pagpapalaganap ng kulturang Kapampangan. Bilang bahagi ng patuloy na pagsusumikap nitong mapanatili at mapalalim ang pagkaunawa sa Araling Kapampangan, itinatag nito ang iba't ibang mga programa at inisyatiba, kabilang ang pagtataguyod ng mga museo na nagsisilbing sentro ng pag-iingat at pagpapalaganap ng mayamang pamana at kultural na identidad ng mga Kapampangan.

Ang mga museong ito, bilang mga institusyong kultural, ay higit pa sa mga tagapangalaga ng kasaysayan. Nagsisilbi itong mga dinamikong espasyo na nagbibigay daan sa masusing pag-aaral at pagpapaliwanag sa malalim na ugnayan ng kasaysayan at identidad ng mga Kapampangan, at patuloy na nagbabago alinsunod sa mga pag-unlad ng lipunan. Sa pamamagitan ng mga koleksyon at eksibit na tampok sa mga museo, ipinapakita ang ugnayan ng kolektibong alaala at kasaysayan ng mga Kapampangan, gayundin ang patuloy na pagbabalik-tanaw sa kanilang pagkakakilanlan sa harap ng mga makabago at kontemporaryong hamon. Mula sa paglalarawan ng sinaunang pamumuhay, hanggang sa pagsusuri ng kasalukuyang diskurso ukol sa identidad, nagsisilbing matibay na pundasyon ang mga museong ito sa pagpapalawak ng pag-unawa sa pagka-Kapampangan ng isang indibidwal. Samakatuwid, ang mga museong ito ay hindi lamang mga tagapag-ingat ng kasaysayan kundi mga tulay din na nag-uugnay sa nakaraan, kasalukuyan, at maging sa hinaharap.

Gayunpaman, nananatiling limitado ang sistematikong pagtitipon, pagsusuri, at dokumentasyon hinggil sa kasaysayan ng mga museo ng CKS. Kadalasan, ang mga tala ukol dito ay paisa-isa, hindi organisado, at kulang sa kritikal na pagbubuo ng naratibo na magsisilbing matibay na batayan para sa mas malalim na pag-unawa sa layunin, pag-unlad, at gampanin ng mga museong ito sa konteksto ng pagkakakilanlang Kapampangan. Bilang tugon sa kakulangang ito, ang kasalukuyang pananaliksik ay naglalayong magsagawa ng masinop at unang sistematikong pagsusuri sa kasaysayan, konseptuwalisasyon, at pagbabagong dinanas ng mga museo ng Sentro.

## Mga Pag-aaral tungkol sa Kasaysayan ng Museo at sa Pagpapakita ng Identidad sa Kontekstong Pilipino at Kapampangan

Kapag titingnan ang pangkalahatang kasaysayan ng mga museo bilang institusyong pangkultura, masasabing mula ito sa mga pribadong "cabinets of curiosity," na nagsimula bilang mga koleksyon ng bihira at kakaibang bagay na siyang naging pundasyon ng kasalukuyang museolohiya. Ang transisyon ng mga ito mula Renaissance-era cabinets patungo sa sistematiko at pampublikong museo ay nagbibigay diin sa intelektuwal at pilosopikal na diskursong humubog sa museo bilang institusyong pangkultura.[1] Gayunpaman, mas angkop na ituring ang naunang pahayag bilang pag-aaral ng mga precursor ng modernong museo. Bagamat malimit na itinuturing na halimbawa ang Ashmolean Museum ng transisyon mula cabinets patungo sa museo, binibigyang-diin na malayo sa estruktura at layunin ng kontemporaryong museo ang mga naunang cabinets.[2]

Samantala, ang linyar na pag-unlad ng mga museo mula cabinets of curiosity patungo sa living museums, digital museums, at post-museums ay nagpapakita ng modernisasyon ng museolohiya at kung paano ito umaayon sa pagbabagong panlipunan.[3] Pagsapit ng ika-19 na siglo, lumitaw ang mga

1 Ayon kina Hooper-Greenhill at Pearce (sa Smith, 2006 at Walsh, 1992). Laurajane Smith, *Uses of Heritage* (London: Routledge, 2006), https://doi.org/10.4324/9780203602263. Kevin Walsh, *The Representation of the Past: Museums and Heritage in the Postmodern World* (London: Routledge, 1992). Inilahad naman nina Impey at MacGregor, (1985) sa The Origins of Museums. Oliver Impey and Arthur MacGregor, eds., *The Origins of Museums: The Cabinet of Curiosities in Sixteenth- and Seventeenth-Century Europe* (Oxford: Clarendon Press, 1985).

2 Christopher Chippindale, "The Origins of Museums: The Cabinet of Curiosities in Sixteenth- and Seventeenth-Century Europe," *The Antiquaries Journal* 67, no. 1 (1987): 181–183, https://doi.org/10.1017/S0003581500026986.

3 Tinalakay nina Knell, MacLeod, at Watson (2007) sa Museum Revolutions. Simon Knell, Suzanne MacLeod, and Sheila Watson, eds., *Museum Revolutions: How Museums Change and Are Changed* (London: Routledge, 2007).

museo bilang pampublikong institusyon dulot ng modernismo at rasyonalidad.[4] Nagsilbi rin ang museo bilang mekanismo ng estado sa paghubog ng kolektibong kamalayan at pambansang identidad, na patuloy na sumasalamin sa ugnayan ng tradisyunal at makabagong kultura.[5]

Sa Pilipinas, isa ang Pambansang Museo sa mga pangunahing tagapag-ingat ng kultural na yaman ng bansa. Binubuo ito ng mga koleksiyon ng likhang sining, artepakto, at iba pang mahahalagang bagay mula sa iba't ibang yugto ng kasaysayan.[6] Saklaw ng mga eksibit nito ang kolonyalismo, paglaban sa mananakop, at pagsulong ng kalayaan na nagsisilbing mga paalala ng sakripisyong ginawa ng mga Pilipino.

Bilang institusyong pang-edukasyon at pangkultura, pinangangalagaan nito ang pambansang pamanang kultural at likas-yaman habang isinusulong ang mga pananaliksik sa biodibersidad, kasaysayang heolohikal, at arkeolohiya.[7] Batay pa sa opisyal nitong websayt, saklaw ng mandato nito ang pamamahala sa National Museum Complex, National Planetarium, at 17 rehiyonal na museo. Sa pamamagitan ng eksibisyon, publikasyon, at programang pang-edukasyon, layunin nitong palalimin ang pampublikong kaalaman at pagpapahalaga sa kasaysayan at kultura ng Pilipinas.[8] Higit pa sa pagiging taguan ng artepakto, nagsisilbi rin itong espasyo para sa mas malalim na diskurso sa pambansang identidad.[9]

Sa katunayan, mahalaga ang papel ng mga museo sa pagbubuo ng pambansang kamalayan, lalo na sa mga bansang may kasaysayan ng kolonyalismo at etnikong pagkakaiba. Bilang daluyan ng diskurso at ideolohiya, ang pagtatanghal ng mga artepakto ay may malalim na implikasyon

---

4 Walsh, *The Representation of the Past*.

5 Tony Bennett, *The Birth of the Museum: History, Theory, Politics* (London: Routledge, 1995).

6 Richard Harris, "The National Museum of the Philippines: A Case Study in the Representation of National Identity," *Chukyo Keieikenkyu* 12, no. 1 (2002): 85–108, https://chukyo-u.repo.nii.ac.jp/record/16037/files/KJ00004853593.pdf.

7 National Museum of the Philippines, "Home," accessed April 21, 2025, https://www.nationalmuseum.gov.ph/.

8 National Museum of the Philippines, "Home."

9 Analyn Salvador-Amores, "Circulating Anthropological Knowledge through the Museo Kordilyera, UP Baguio's Ethnographic Museum," *Aghamtao* 26 (2018): 49–73, https://pssc.org.ph/wp-content/pssc-archives/aghamtao/2018/06%20amores_circulating.pdf.

sa pagpapakahulugan ng kasaysayan.[10] Gayunpaman, hindi awtomatikong nagiging tanda o simbolo ang lahat ng bagay sa museo; sa halip, nagkakaroon lamang ang mga ito ng makabuluhang konteksto sa pamamagitan ng proseso ng interpretasyon.[11]

Maliban sa Pambansang Museo, mahalaga rin ang panrehiyonal na museo sa pagpapakilala ng lokal na kasaysayan at kultura na kadalasang naiiwan sa pambansang naratibo. Nagsisilbi itong daluyan ng bagong kaalaman at mas malalim na pagsusuri sa kasaysayan ng bawat pangkat-etniko. Halimbawa, sa kaso ng mga Ifugao, ginamit ang museo upang itama ang mga maling salaysay sa kanilang kasaysayan.[12] Sa pamamagitan ng aktibong partisipasyon ng komunidad, naisusulong ang dekolonisasyon ng kasaysayan at pagpapalakas ng identidad, tulad ng ipinapakita ng Ifugao Museum na nagpapatibay sa ugnayan ng kultura at pagkakakilanlan ng mga katutubo.[13]

Hindi rin ito nalalayo sa inisyatiba ng Cagayan de Oro Museum na nagsusulong ng pagpapahalaga sa kultura ng mga Higaunon sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok ng komunidad sa pagtatala at interpretasyon ng kanilang kasaysayan.[14] Sa katunayan, maaaring ituring ang pangkomunidad na museo bilang isang sentro ng pag-aaral na may malaking papel sa pagpapalawak ng kamalayang pangkasaysayan ng isang bayan.[15] Sa pamamagitan nito, nagiging mas malalim ang pag-unawa sa nakaraan, na nagsisilbing batayan sa paghubog

---

10 Fiona McLean, "Museums and the Construction of National Identity: A Review," *International Journal of Heritage Studies* 3, no. 4 (1998): 244–252.

11 Maria de Lourdes Horta, *Museum Semiotics: A New Approach to Museum Communication* (PhD diss., University of Leicester, 1992), Figshare, https://figshare.le.ac.uk/articles/thesis/Museum_semiotics_A_new_approach_to_museum_communication_/10188413?file=18359117.

12 Stephen Acabado and Marlon Martin, "Decolonizing the Past, Empowering the Future: Community-Led Heritage Conservation in Ifugao, Philippines," *Journal of Community Archaeology & Heritage* 7, no. 3 (2020): 171–186, https://doi.org/10.1080/20518196.2020.1767383.

13 Ailyn A. Villamarin-Kindipan, "Community Museum Management: A Case Study of the Ifugao Museum in the Philippines," paper presented at the AIMAC 2003 Conference, https://ernest.hec.ca/video/pedagogie/gestion_des_arts/AIMAC/2003/resources/pdf/C/C35_Kindipan.pdf.

14 Antonio J. Montalvan II, "Exclusions, Inclusions: The Higaunon as Voice in Cagayan de Oro Museography," in *ICME Conference Proceedings,* https://icme.mini.icom.museum/wp-content/uploads/sites/16/2019/01/ICME_2013_Montalvan_paper.pdf.

15 Phillip Norbert Ahmad L. Medina, *Gathering the Uncollected: Accounting and Curating Silang's Heritage* (Master's thesis, University of the Philippines, 2013), https://www.academia.edu/25769270/Medina_I_1_Gathering_The_Uncollected_Accounting_And_Curating_Silangs_Heritage.

ng kasalukuyan. Ipinapakita nito na ang museo ay hindi lamang isang imbakan ng mga lumang bagay, kundi isang mahalagang tulay na nag-uugnay sa kasaysayan at sa hinaharap ng komunidad.[16] Sa patuloy na pagpapalawak ng inklusibidad sa mga museo, nagiging higit na mahalaga ang masusing pagsusuri sa kanilang gampanin sa pagpapanatili at pagpapalakas ng rehiyonal na identidad.

Sa lalawigan ng Pampanga, mayroong iba't ibang museo na nagsisilbing tagapag-ingat ng kasaysayan, sining, at kultural na pagkakakilanlan ng mga Kapampangan. Kapag titingnan ang mapa nito sa pigura 1, makikita ang ilan sa mga kilalang museo na puntahan ng mga lokal at turista na may interes sa pagpapalalim ng kaalaman tungkol sa wika, kultura, tradisyon, at kasaysayan.




**Pigura 1.** Ang ilan sa mga kilalang museo sa Pampanga

16 Rico Paulo Tolentino, "Traces from the Heritage of the Past: The Reconstruction of Baliwag Municipal Museum Architecture," *International Journal of Recent Innovations in Academic Research* 3, no. 11 (2019): 9–23, https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=4557826.

Sa lungsod ng Mabalacat, tampok ang Clark Museum and 4D Theater, na nagpapakita ng kasaysayan ng Clark at ng muling pagbangon nito matapos ang pagsabog ng Bulkang Pinatubo noong 1991.[17] Sa Angeles City naman matatagpuan ang Bale-Balayan: Museum for the Poor and Center for Transformation through the Arts, na nagsusulong ng sining bilang kasangkapan para sa pagninilay, pakikipagdialogo, at pagbabago sa lipunan.[18]

Isang mahalagang institusyon sa pananaliksik sa Kapampangan identity ang Juan D. Nepomuceno Center for Kapampangan Studies sa Holy Angel University. Binubuo ito ng apat na museo—Pangunahing Museo, Museo ng Pinatubo, Museong Pangsining, at Museong Pangkasaysayan ng HAU—na nagpapalalim ng pag-unawa sa kasaysayan at kulturang Kapampangan.[19] Sa dating munisipyo naman ng siyudad Angeles matatagpuan ang Museu ning Angeles, na pinamamahalaan ng Kuliat Foundation Inc. at nagsisilbing tagapagtaguyod ng lokal na kasaysayan at kulinariang Kapampangan.[20]

Pangunahing museo naman ng National Historical Commission of the Philippines (NHCP) sa rehiyon ang Museo ng Kasaysayang Panlipunan ng Pilipinas, na matatagpuan sa Pamintuan Mansion. Ipinapakita rito ang kasaysayan ng pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Pilipino.[21] Samantala, ipinagmamalaki ng Museum of Philippine Arts and Culture (MoPAC) ang koleksyon ng mga obra ng 11 Pambansang Alagad ng Sining at mga sinaunang

17 Museu.MS, "Clark Museum and 4D Theater," Museu.MS, Museu Media, accessed April 21, 2025, https://museu.ms/museum/details/18232/clark-museum-and-4d-theater.

18 Evendo, "Bale-Balayan: Museum for the Poor and Center for Transformation through the Arts," Evendo, Evendo Ltd., accessed April 21, 2025, https://evendo.com/locations/philippines/angeles-city/balibago/attraction/bale-balayan-museum-for-the-poor-and-center-for-transformation-through-the-arts.:contentReference[oaicite:1]{index=1}.

19 Center for Kapampangan Studies, "Home," Center for Kapampangan Studies, Holy Angel University, accessed April 21, 2025, https://kapampangancenter.org/.

20 Guide to the Philippines, "Museo ning Ángeles," Guide to the Philippines, accessed April 21, 2025, https://guidetothephilippines.ph/destinations-and-attractions/museo-ning-angeles.

21 Museum of Philippine Social History, "Home," Museum of Philippine Social History, National Historical Commission of the Philippines, accessed April 21, 2025, https://museumofphilippinesocialhistorysite.wordpress.com/.:contentReference[oaicite:1]{index=1}.

artifact na sumasalamin sa kasaysayan ng bansa mula sa iba't ibang panahon at rehiyon.[22]

Sa bayan ng Guagua matatagpuan ang Betis Galleria, na itinatag ng tanyag na eskultor na si Willy Layug. Ang galeriya ay nagpapamalas ng tradisyong relihiyoso at kahusayan sa ukit na kahoy ng mga Kapampangan, partikular ng mga taga-Betis.[23] Samantala, sa bayan ng Lubao, naroon ang dalawang museong pinangangasiwaan ng NHCP—ang Museo at Aklatan ni Diosdado Macapagal, na nagbibigay-pugay sa ika-9 na Pangulo ng Pilipinas,[24] at ang Museo ni Jose B. Lingad, na nagpapakita ng buhay at ambag ng dating lingkod-bayan.[25]

Sa kabuuan, ang mga museong ito ay maituturing na aktibong espasyo para sa pagpapanatili, pagtatampok, at pagpapalalim ng kolektibong alaala, sining, at identidad ng mga Kapampangan. Sa pamamagitan ng kanilang mga eksibit at koleksyon, naipapasa sa kasalukuyan at susunod na henerasyon ang mayamang pamana ng Pampanga bilang mahalagang bahagi ng kabuuang kasaysayang Pilipino.

## Layunin ng Pag-aaral

Sa kabila ng mga mahahalagang kontribusyon ng mga museong ito, wala pang komprehensibong pag-aaral na nagsagawa ng malalim na pagsusuri sa kanilang kasaysayan. Bilang tugon dito, ang pananaliksik na ito ay paunang pag-aaral na naglalayong magsagawa ng sistematikong pagsusuri sa kasaysayan ng mga museo partikular sa mga museo ng CKS. Layunin nitong matukoy ang kanilang ebolusyon at higit na mapalalim ang diskurso sa Araling Kapampangan, Araling Pangmuseo, at pananaliksik sa kultural na identidad. Upang matamo ang layuning ito, hinati ang papel sa tatlong tiyak na suliranin na sasagutin sa kabuuan ng pag-aaral.

22 Tonette T. Orejas, "Up Close with National Artists in This Pampanga Museum," *Philippine Daily Inquirer*, July 16, 2023, https://newsinfo.inquirer.net/1802200/up-close-with-national-artists-in-this-pampanga-museum.

23 My Story, My SM, "Willy Layug," My Story, My SM, SM Investments Corporation, accessed April 21, 2025, https://mystorymysm.com/willy-layug/.

24 National Historical Commission of the Philippines, "The NHCP Museo at Aklatan ni Pangulong Diosdado Macapagal," Facebook, Meta Platforms, Inc., published October 2019, accessed April 21, 2025, https://www.facebook.com/photo.php?fbid=2763365540649925&id=2169075943412224&set=a.2169167036736448.

25 Princess Clea Arcellaz, "Jose B. Lingad Museum Opens in Lubao Town," *SunStar Pampanga*, December 19, 2022, https://www.sunstar.com.ph/pampanga/local-news/jose-b-lingad-museum-opens-in-lubao-town.

1. Ano ang mga diskursibong ugat at adhikain ng CKS na gumagabay sa disenyo, tema, at layunin ng mga museo nito?
2. Ano ang partikular na layunin ng bawat museo, at paano ito naisasakatuparan sa pamamagitan ng kanilang eksibit, naratibo ng kasaysayan, at iba pang estratehiya sa paglalahad? at
3. Ano ang mga hamon at pagbabago sa paglipas ng panahon na nakaapekto sa estruktura, tema, at nilalaman ng mga museo?

## Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay may mahalagang ambag sa Araling Kapampangan, Museolohiya, at Kultural na Identidad. Sa pamamagitan ng sistematikong pagsusuri sa kasaysayan at diskurso ng mga museo ng Center for Kapampangan Studies (CKS), naitatampok ang kanilang papel sa pagtatanghal at patuloy na pagbuo ng pagkakakilanlang Kapampangan. Mahalaga ito hindi lamang sa mga Kapampangan kundi pati na rin sa larangan ng lokal na kasaysayan at kultural na pag-aaral sa Pilipinas. Dagdag pa rito, nagbibigay-liwanag ang pananaliksik sa mga estratehiya at diskursibong pundasyon na ginagamit ng mga museo sa pagpapahayag ng kasaysayan at kultura. Makatutulong ito sa mga tagapangasiwa ng museo, iskolar, at mga ahensya sa kultura upang mas mapalalim ang kanilang pag-unawa sa epekto ng museolohiya sa identidad. Sa huli, nagiging mahalagang batayan ito para sa pagpapanatili, pagbabago, at pagpapalakas ng mga lokal na museo bilang tagapagtaguyod ng kultural na pamana sa hinaharap.

## Metodolohiya

Gumagamit ang pag-aaral na ito ng kwalitatibong pamamaraan upang masusing suriin ang diskursibong ugat at adhikain ng CKS na humuhubog sa mga museo nito sa pagtatanghal at pagbuo ng pagkakakilanlang Kapampangan. Nakapokus ang pananaliksik sa panayam bilang pangunahing metodo ng pangangalap ng datos upang matukoy at maunawaan ang diskurso sa likod ng pagtatatag, pagsasaayos, at patuloy na pagbabago ng mga museo ng CKS. Ang mga kalahok sa pananaliksik ay ang mga tagapangasiwa ng mga museo, na may direktang kaalaman at karanasan sa pamamahala ng mga espasyong ito.

Sa pamamagitan ng kanilang pananaw, susuriin kung paano inilalarawan ng mga museo ang kabuuang pagkakakilanlan ng mga Kapampangan. Upang matiyak ang pagtutok sa mga layunin ng pananaliksik, ginamit ang gabay na mga tanong, subalit binigyan din ng kalayaan ang mga tagapangasiwa na palawakin at palalimin ang kanilang mga sagot. Ang mga panayam ay inirekord, kasunod

ng pagsang-ayon ng mga kalahok, at isinalin sa isang interview notes para sa masusing pagsusuri. Upang matiyak ang pagsunod sa mga etikal na alituntunin, binigyan ang lahat ng kalahok ng informed consent form na naglalahad ng layunin ng pag-aaral, proseso ng panayam, at paggamit ng kanilang sagot sa pananaliksik. Sisiguraduhin ding gagamitin lamang ang impormasyong ibinahagi para sa layunin ng pag-aaral.


## Resulta at Diskusyon

Tatalakayin sa bahaging ito ang kinalabasan ng pananaliksik hinggil sa diskursibong-ugat at adhikain ng CKS na nagsisilbing pundasyon sa paghubog ng mga museo nito, partikular sa paraan ng pagtatanghal at pagbubuo ng Kapampangan pagkakakilanlan. Bagamat sa kasalukuyan ay may lima nang museo ang CKS kasunod ng pagkakatatag ng Angeles Electric Corporation Museum noong Nobyembre 2024, hindi ito isinama sa saklaw ng pagsusuri sapagkat hindi ito tuwirang nakaugnay sa tematikong pokus ng pananaliksik—ang kultural na identidad ng mga Kapampangan na isinusulong sa mga museo ng CKS. Gayunpaman, kinikilala ang mahalagang ambag ng naturang museo sa larangang industriyal na kasaysayan ng Pampanga.

Mahahati ang pagtalakay sa tatlong pangunahing seksyon: a) ang diskursibong ugat at adhikain ng CKS na gumagabay sa pagtatatag at pag-unlad ng mga museo nito sa pagtatanghal ng pagkakakilanlang Kapampangan, b) Ang kwento sa likod ng mga museo at ang partikular na layunin ng mga ito at c) Ang mga museo sa darating na panahon.

### a. Ang diskursibong ugat at adhikain ng CKS na gumagabay sa pagtatatag at pag-unlad ng mga museo nito sa pagtatanghal ng pagkakakilanlang Kapampangan


Ipinapakita sa pigura 2 ang timeline na nagpapakita sa pagkakaugnay-ugnay ng Holy Angel University, Center for Kapampangan Studies, at ang mga museo nito. Sa pamamagitan ng nito, malinaw na mailalahad ang mga mahahalagang yugto sa pag-unlad ng unibersidad at ang mga hakbang na nagbigay daan sa pagtatatag ng sentro at museo, na naging bahagi ng kanilang misyon sa pagpapalaganap at pagpapaunlad ng pagkakakilanlang Kapampangan.




**Pigura 2.** Ang timeline sa pagkakatatag ng Unibersidad, CKS, at ng mga Museo

Kapag titingnan, masasabing nagsimula ang kasaysayan ng Holy Angel University bilang Holy Angel Academy noong 1933-1934 sa pangunguna nina Don Juan Nepomuceno at Fr. Pedro Santos. Pagsapit ng 1961-1962, ito ay naging Holy Angel College at noong 1981-1982, opisyal na kinilala bilang isang unibersidad. Ang institusyong ito ang naging pundasyon ng CKS, kung saan ang mga ideolohiyang gabay at layunin ng sentro ay umusbong mula sa malalim na diwa ng pagpapalaganap ng kulturang Kapampangan.

Samantala, ipinapakita naman sa pigura 3 ang Organisasyunal na balangkas na naglalarawan sa proseso at mga batayang salik sa pagkakatatag ng Center for Kapampangan Studies. Isinasaad nito ang mahahalagang elemento na naging pundasyon ng institusyon, kabilang ang mga ideolohiyang nagsilbing gabay at mga layuning nais nitong matupad. Ipinapakita rin dito ang ugnayan ng iba't ibang personalidad na nagbigay-daan sa pagkakabuo ng sentro.




**Pigura 3.** Organisasyunal na balangkas sa pagkakatatag ng Center for Kapampangan Studies

Makikitang nagsimula ang CKS mula sa isang simpleng adhikain—ang pagbuo ng koleksyon ng mga babasahin tungkol sa Pampanga. Inisyatiba ito nina Mike Pangilinan at Arlene Villanueva. Gayunpaman, sa ilalim ng pangangasiwa nina Bernadette Nepomuceno at Robert Tantingco, lumawak ang ideya tungo sa isang mas komprehensibong sentro na hindi lamang taguan ng mga dokumento kundi isang aktibong institusyon para sa pananaliksik at pagpapalaganap ng kulturang Kapampangan.

Nagsilbi itong isang 'one-stop shop' para sa sinumang nais maunawaan ang kasaysayan, sining, at identidad ng mga Kapampangan. Binubuo ito ng isang museo na may permanente at pansamantalang eksibit, isang teatro para sa pagtatanghal ng sining at panitikan, isang publishing house para sa pagsasalin at paglilimbag ng mga mahahalagang akda, at isang silid-aklatan para sa pananaliksik. Ayon kay Tantingco:

> We want to tell the story, the amazing story of the Kapampangans. That is why we agreed from the beginning that the official language of the Center for Kapampangan Studies is English. Not Kapampangan (Pakikipanayam, 2025).

Naging mahalaga sa pagtatatag ng CKS ang isang pandaigdigang kumperensyang inilunsad noong 2001-2002 sa pangunguna ni G. Robert Tantingco at katuwang ang Departamento ng Filipino at Panitikan ng UP sa ilalim ni Dr. Albina Pecson Fernandez. Sa tulong din ng pondo mula kay Manny Pangilinan, nagtipon-tipon ang mga iskolar mula sa iba't ibang panig ng mundo upang palawakin ang diskurso sa Araling Kapampangan. Ang positibong tugon sa kumperensyang ito ang nagtulak sa pagtatayo ng sentro, na nagsimula sa simpleng pangongolekta ng mga babasahing may kaugnayan sa Araling Kapampangan hanggang sa isang komprehensibong institusyon na may sariling silid-aklatan, palimbagan, museo, teatro, at artsibo.

Mula sa pagkakatatag nito, itinakda ang gusaling Don Juan D. Nepomuceno bilang tahanan ng sentro. Sa paglipas ng panahon, lumago ito at naging haligi ng kulturang Kapampangan, hindi lamang bilang tagapag-ingat ng nakaraan kundi bilang aktibong tagapagtaguyod ng kontemporaneong pag-aaral ng pamanang Kapampangan. Sa pananaw ni Tantingco, mahalagang maging bukas ang sentro hindi lamang sa mga iskolar kundi sa lahat ng Kapampangan:

> Ang theory namin, hindi dapat malimit ang klase ng mga nagpupunta dyan sa mga scholars lang. Dapat anybody in Pampanga. Dapat mashowcase yung pinakamagandang qualities ng mga Kapampangan (Pakikipanayam, 2025).

Sa kabuuan, ang Center for Kapampangan Studies, kabilang ang mga museo nito, ay hindi lamang naglilingkod bilang tagapag-ingat ng nakaraan kundi bilang isang institusyong nagpapalawak ng kaalaman tungkol sa pagkakakilanlang Kapampangan sa loob at labas ng bansa. Ang kanilang mga proyekto, lalo na ang mga museo, ay naglalayong ipakita at ipalaganap ang mayamang kasaysayan, kultura, at sining ng mga Kapampangan.

### b. Ang kwento sa likod ng mga museo at ang partikular na layunin ng mga ito

Nagsisilbing tagapangalaga ng mayamang kasaysayan, sining, at identidad ng Kapampangan ang mga museo ng CKS. Bawat isa ay may partikular na layunin mula sa pagbibigay-kahulugan sa kulturang Kapampangan hanggang sa pagbibigay-halaga sa mga makasaysayang pangyayari. Ang bahaging ito ay tatalakay sa kwento ng bawat museo at ang kanilang layunin sa pagpapayaman ng pagkakakilanlang Kapampangan.

#### Ang Pangunahing Museo ng Sentro

Mula sa simula, bahagi na ng konsepto ng CKS ang pagtatatag ng isang museo upang higit na ipakita at ipreserba ang mayamang kultura at kasaysayan ng Pampanga. Sa pangunguna ng direktor ng sentro, isinagawa ang masusing pananaliksik sa iba't ibang bayan upang matuklasan ang mahahalagang aspekto ng Kapampangan. Ang mga natuklasang ito ang naging batayan sa pagbuo ng eksibit at koleksyon sa pangunahing museo ng CKS.

Ayon kay Tantingco, ang isang komprehensibong museo na kanilang itinatag ay hindi lamang simpleng taguan ng mga lumang bagay, kundi isang buhay na tagapagsalaysay ng kasaysayan at pagkakakilanlan ng mga Kapampangan. Layunin nitong itampok at ipagmalaki ng mga Kapampangan ang kanilang natatanging kultura at mahalagang ambag sa pambansang kasaysayan. Bunsod nito, pinanindigan ng CKS ang pagtatatag ng isang matatag at makabuluhang museo sa Pampanga na magsisilbing daluyan ng kasaysayan, sining, at kulturang Kapampangan.

Upang mapalapit sa kabataan ang kasaysayan, ginamit sa museo ang makabago at interaktibong paraan ng presentasyon, tulad ng timeline exhibits. Sa ganitong paraan, mas madaling maunawaan ang ugnayan ng nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap. Isa rin sa mga tampok ng museo ang pagpapahalaga sa sining, lalo na sa retablo at woodcarving. Ipinapakita dito ang husay ng Kapampangan sculptors, na kilala sa paggawa ng magagarbong retablo ng mga simbahan sa Pampanga. Mahalaga ang pagtatanghal ng kanilang craftsmanship, mula sa proseso ng pag-ukit hanggang sa paggamit ng tradisyunal na materyales.

Bukod sa pagpapakilala ng sining, naglalaman din ang pangunahing museo ng iba't ibang koleksyon, tulad ng John A. Larkin Library, Arkeolohikal na Galeriya, Arkibong Koleksyon, Koleksyong Ambeth Ocampo, at Mini Theater. Ang mga ito ay nagpapakita ng iba't ibang aspekto ng Kapampangan, mula sa kanilang panitikan at relihiyon hanggang sa kanilang kasaysayan at sining.

Sa kabuuan, itinuturing ang pangunahing museo bilang representasyon ng "the best in Kapampangan culture." Dito matatagpuan hindi lamang ang mahahalagang artepakto kundi pati ang diwa ng pagiging Kapampangan—ang kanilang talino, tapang, pagiging malikhain, at pagmamalasakit sa bayan. Bagamat hindi nito kayang ipakita ang kabuuan ng kulturang Kapampangan, nagiging sapat ito upang mabigyan ang mga bisita ng isang buo at balanseng perspektiba sa kanilang identidad.

Dahil sa lawak ng sakop ng museo, napagtanto ng pamunuan ng CKS na hindi sapat ang isang espasyo lamang upang ipakita ang lalim ng pagkakakilanlang Kapampangan. Mula rito, nabuo ang iba pang museo sa loob ng sentro, bawat isa ay may natatanging temang nakatuon sa partikular na aspekto ng Kapampangan—pamumuhay, sining, pananampalataya, at kasaysayan.

Ang mga espesyal na museong ito ay hindi lamang imbakan ng mahahalagang artepakto kundi nagsisilbi ring edukasyonal na espasyo. Sa pamamagitan ng tematikong eksibit at interaktibong pagtatanghal, nagkaroon ng mas malalim na pag-unawa hindi lamang ang mga Kapampangan kundi maging ang mas malawak na lipunan sa kanilang kontribusyon sa pambansang identidad.

Sa huli, ang pangunahing museo ng CKS ay hindi lamang isang taguan ng kasaysayan kundi isang buhay na espasyo ng pagninilay at pagbabago. Ipinapakita nito ang ugnayan ng nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap ng mga Kapampangan, at patuloy na pinapalalim ang kanilang kolektibong kamalayan bilang isang natatanging lahi.

## Ang Museong Pansining ng mga Kapampangan

Ang Museum of Kapampangan Arts ay itinuturing na bunga ng magkakasunod at hindi inaasahang pangyayari na humantong sa pagkakatatag ng isang mahalagang sentro ng sining at kultura sa Pampanga. Sa halip na resulta ng isang planadong proyekto, ito ay natural na umusbong mula sa mga pagkakataong nagbuklod upang mapanatili at maipreserba ang artistikong pamana ni Vicente Manansala, isang Pambansang Alagad ng Sining na tubong Macabebe, Pampanga.

Nagsimula ang lahat sa isang hindi inaasahang pagkikita nina Robby Tantingco, Direktor ng CKS, at Emmanuel Manansala, anak ng Pambansang Alagad ng Sining na si Vicente Manansala. Sa kanilang pag-uusap, nabanggit ni Emmanuel ang ilang natitira pang obra ng kanyang ama, kabilang na ang "Parisian Boudoir," na inalok sa halagang 800,000 piso. Agad itong binili ng HAU, at ito ang nagsilbing panimulang pundasyon ng koleksyon ng unibersidad sa mga likhang sining ni Manansala. Kasunod nito, isinagawa ang isang matagumpay na eksibisyon ng iba pang obra ng pintor, na humikayat sa mga pribadong kolektor na ipagbili rin ang ilan pang likhang sining, bagay na lalong nagpatingkad sa pagsisimula ng Museum of Kapampangan Arts.

Habang lalong tumitibay ang ugnayan sa pagitan ng CKS at ng pamilya Manansala, nagpasiya si Emmanuel Manansala na ipagkaloob sa sentro ang ilan pang kagamitan at personal na ari-arian ng kanyang ama na noon ay nasa kanilang tahanan sa Binangonan, Rizal. Bagamat ang mga ito ay dating nasa pangangalaga ng Pambansang Museo, tinukoy ni Ambeth Ocampo na hindi na ito lubusang napapangalagaan. Bunsod nito, lumitaw ang pangangailangang mailipat ang mga nasabing kagamitan sa isang institusyong may kakayahang magsagawa ng angkop na konserbasyon at curatorial na pangangalaga upang mapanatili ang makasining na pamana ni Vicente Manansala. Bilang bahagi ng kasunduan, kailangang bilhin ng HAU ang walong natitirang sketches ng pintor sa halagang mula 800,000 hanggang 1,000,000 piso. Kalakip ng halagang ito ang mahigit sa 1,000 sketches at iba pang personal na gamit ng alagad ng sining. Hindi pinalampas ng HAU ang natatanging pagkakataong ito, at buong puso nitong tinanggap ang alok bilang ambag sa patuloy na pagpapaunlad ng kanilang koleksyon at pagtataguyod ng sining sa rehiyon.

Sa paglipat ng mga obra at personal na kagamitan ni Vicente Manansala sa Holy Angel University, lumitaw ang mahalagang usapin ukol sa angkop na espasyo para sa konserbasyon at eksibisyon ng mga ito. Bilang pansamantalang tugon, ginamit ang apat na silid-aralan sa Don Juan D. Nepomuceno Building bilang paunang espasyo ng itinatayong museo. Sa ilalim ng masigasig na pamumuno ni Arlene Villanueva, mas pinaigting ang implementasyon ng proyekto hanggang sa tuluyang maitatag ang Museum of Kapampangan Arts. Ang pagbubukas ng museo ay itinuturing na isang makasaysayang pangyayari sa larangan ng sining at kultura, sapagkat ito ang naging pinakamalaking koleksyon ng isang Pambansang Alagad ng Sining sa isang institusyon sa Pampanga. Pinagtibay pa ang kahalagahan ng okasyong ito sa pamamagitan ng pagdalo ng mga kapwa Pambansang Alagad ng Sining na sina Napoleon Abueva at Abdulmari Imao, na siyang higit pang nagbigay-lehitimasyon sa papel ng museo bilang mahalagang sentro ng sining at kultural na pamana sa rehiyon.

Sa kasalukuyan, patuloy na itinatanghal sa museo ang mga obra ni Vicente Manansala. Inilunsad din ng CKS ang isang programang naglalayong suportahan ang mga lokal na artista sa pamamagitan ng pagbebenta ng piling sketches at likhang sining ni Manansala. Kasabay nito, isinasaalang-alang na rin ng sentro ang posibilidad ng pagpapalawak ng koleksyon sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga obra nina Benedicto Cabrera (BenCab) at Patis Tesoro upang higit pang mapalawak ang representasyon ng sining sa konteksto ng kulturang Kapampangan.

Patunay ito na hindi lamang taguan ng mga obra ni Manansala ang Museum of Kapampangan Arts, kundi isa ring bukas at dinamikong espasyo na nagbibigay-daan sa pagpapakilala at pagsulong ng mga lokal na pintor at eskultor. Mula sa isang hindi inaasahang transaksyon, naitatag ang isang museo na may malinaw na layunin: ang panatilihin, pagyamanin, at ipagdiwang ang sining at likhang Kapampangan bilang mahalagang bahagi ng pambansang pamana.

## Ang Museo ng Pinatubo

Bago pa man maitatag ang Pinatubo Museum, naisulat na ni Robby Tantingco ang aklat na Pinatubo (2011), na kinilala ng publiko at ginawaran ng National Book Award. Ang aklat ay bunga ng kanyang personal na karanasan noong pagsabog ng Bulkang Pinatubo, kalakip ang masusing pananaliksik hinggil sa malawakang epekto ng sakuna sa mga Kapampangan. Ayon kay Tantingco, walang ibang trahedya sa kasaysayan ng mga Kapampangan ang maaaring itumbas sa lawak at bigat ng pinsalang idinulot ng naturang pagsabog. Hindi ito isang digmaan o rebolusyon, kundi isang natural na kalamidad na lubusang nagpabago sa takbo ng pamumuhay ng libu-libong mamamayan sa rehiyon.

Gayunpaman, napansin niya na unti-unting nawawala sa kamalayan ng kabataang henerasyon ang kasaysayan ng Pinatubo. Marami sa kaniyang mga estudyante ang may limitadong kaalaman hinggil sa trahedya, kaya't isinulat niya ang Pinatubo upang mapanatili ang kolektibong alaala ng sakuna at maipasa ito sa susunod na salinlahi. Mula sa aklat na ito, lumitaw ang ideya ng pagtatatag ng isang museo na magsisilbing espasyong magpapanatili sa kasaysayan ng kalamidad at sa naratibo ng muling pagbangon ng mga Kapampangan. Sa tulong at suporta ng HAU, inilaan ang dalawang silid sa Don Juan D. Nepomuceno Building upang maging tahanan ng Pinatubo Museum.

Sa proseso ng pangangalap ng materyales para sa museo, natipon ang mahahalagang artepakto tulad ng fossilized na puno mula sa Abacan River, mga tipak ng bato at buhangin na mula sa mismong pagsabog, at mga abo na

tumabon sa buong rehiyon noong 1991. Ang mga bagay na ito ay nagsisilbing tahimik ngunit makapangyarihang saksi sa matinding epekto ng kalamidad—hindi lamang sa kalikasan kundi lalo na sa pamumuhay at kabuhayan ng mga Kapampangan.

Pormal na binuksan sa publiko ang Pinatubo Museum noong 2016 bilang paggunita sa ika-25 anibersaryo ng pagsabog ng Bulkang Pinatubo. Higit pa sa pagiging isang espasyo ng alaala, layunin ng museo na ipagbunyi ang katatagan, kakayahan sa pagbangon, at diwang mapagtagumpay ng mga Kapampangan sa harap ng isa sa pinakamalalaking kalamidad sa kasaysayan ng bansa. Hindi lamang ito koleksyon ng mga materyal na labi ng trahedya, kundi isa itong buhay na tagapag-ingat ng kasaysayan—isang daluyan ng kabatiran at inspirasyon na nagpapatibay sa kolektibong identidad ng sambayanang Kapampangan.

## Ang Museong Pangkasaysayan ng Holy Angel University

Katulad ng Pinatubo Museum, nagsimula rin sa isang akda ni Robby Tantingco ang pagkakatatag ng museong pangkasaysayan ng Holy Angel University. Ang kanyang aklat na Destiny and Destination: The Extraordinary Story and History of Holy Angel University, 1933–2008 (2009) ang nagsilbing pundasyon at inspirasyon sa pagbuo ng HAU History Room—isang espasyong naglalayong hindi lamang ipreserba ang mahigit walumpung taong kasaysayan ng unibersidad, kundi ipalaganap din ang pagpapahalaga sa institusyon bilang mahalagang bahagi ng makasaysayang pag-unlad ng Pampanga. Sa pamamagitan ng espasyong ito, sistematikong naipapakita ang papel ng HAU sa larangan ng edukasyon, kultura, at panlipunang pagbabago sa rehiyon.

Sa loob ng maraming dekada, ang Holy Angel University (HAU) ay nagsilbing mahalagang institusyon sa Pampanga, hindi lamang bilang isang sentro ng edukasyon kundi bilang tagapagtaguyod ng kulturang Kapampangan. Ang pagtatatag ng HAU History Room ay isang konkretong hakbang patungo sa pagpapahalaga sa sariling pamana ng unibersidad. Hindi lamang ito isang koleksyon ng mga lumang dokumento at bagay, kundi isang aktibong tagapagsalaysay ng kasaysayan sa pamamagitan ng mga eksibit, koleksyon, at naratibo. Sa pamamagitan ng mga eksibit, naipapakita hindi lamang ang mga mahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng unibersidad, kundi pati na rin ang ebolusyon ng HAU mula sa pagkakatatag nito noong 1933 hanggang sa kasalukuyan.

Mahalagang aspekto ng museo ang pagbibigay-diin sa mga alumni na naging bahagi ng kasaysayan ng unibersidad. Ito ay nagsisilbing pagpupugay sa kanilang mga tagumpay at kontribusyon sa lipunan, na nagsisilbing inspirasyon

sa kasalukuyan at sa mga susunod na henerasyon ng mga mag-aaral. Bukod dito, kinikilala rin ng museo ang papel na ginampanan ng mga guro, administrador, at iba pang indibidwal na nag-ambag sa pag-unlad ng unibersidad. Ang kanilang dedikasyon sa pagtuturo, pananaliksik, at pagpapayabong ng kultura ay bahagi ng mayamang kasaysayan ng HAU na patuloy na ipinagmamalaki at isinasalaysay.

Higit pa sa pagiging tagapreserba ng nakaraan, ang museo ay nagsisilbing tagapagdala ng mahahalagang aral para sa hinaharap. Ipinapakita nito kung paano hinubog ng kasaysayan ang identidad ng institusyon at kung paano ito patuloy na naglilingkod sa komunidad. Sa pamamagitan ng pampublikong eksibit at iba pang inisyatibo, binubuksan ng HAU ang museo sa publiko, pinalalakas ang ugnayan nito sa mga lokal na mananaliksik, mag-aaral, at iba pang mamamayan na may interes sa kasaysayan at kultura ng Pampanga.

Sa huli, ang museong pangkasaysayan ng HAU ay hindi lamang isang pagtatala ng nakaraan kundi isang pamana ng edukasyon at pagmamalasakit sa kasaysayan. Patuloy nitong ipinapahayag ang dedikasyon ng unibersidad sa pagpapahalaga ng kasaysayan, pagtataguyod ng edukasyong Kapampangan, at pagbibigay-pugay sa mga alumni nito. Isang buhay na patunay ng mayamang kasaysayan ng unibersidad at ng komunidad na kanyang pinaglilingkuran, ang museo ay magpapatuloy na maging inspirasyon at gabay sa mga darating pang henerasyon.

### c. Ang mga Museo ng CKS sa Darating na Panahon

Itinuturing na bunga ng masusing pananaliksik at malalim na pagmamahal sa Pampanga ang mga museo ng Center for Kapampangan Studies (CKS). Sa pamumuno ni Robby Tantingco, patuloy na hinuhubog ng sentro ang paraan ng pagtatanghal ng identidad ng mga Kapampangan. Sa pamamagitan ng malawakang obserbasyon at sistematikong pagsusuri, isinasaayos at pinayayaman nila ang pagpapakita ng kasaysayan at kultura, na nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga kasalukuyan at susunod na henerasyon.

Isa sa mga pangunahing katangian ng mga museo ang pagiging bukas sa pagbabago. Patuloy nitong isinasaalang-alang ang mga makabagong teknolohiya upang mapabuti ang karanasan ng mga bisita. Halimbawa, unti-unti nilang pinalalawak ang paggamit ng mga digital kiosk at iba pang makabagong kagamitan upang mapanatili ang bisa at kahusayan ng mga eksibisyon. Bukod dito, nilalayon nilang gamitin ang artificial intelligence (AI) upang higit na epektibong maipakita ang kasaysayan. Kasama sa kanilang pangmatagalang plano ang konseptong "Timelessness," kung saan ang nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap ay magkakaugnay na ipapakita sa iisang espasyo.

Higit pa sa pagiging tagapangalaga ng nakaraan, layunin ng Center for Kapampangan Studies (CKS) na gawing buhay at may kaugnayan ang kanilang mga museo sa kasalukuyang henerasyon. Nakikita nilang mahalaga ang papel ng mga ito sa komunidad, lalo na sa panahon ng mabilis na pagbabago sa lipunan. Sa pamamagitan ng masinsing pagsasaliksik at malawak na saklaw ng mga koleksyon—mula sa relihiyon, sining, kasaysayan, at ekonomiya—nagiging mahalagang bahagi ang mga museo sa pagbubuo at pagpapatibay ng pagkakakilanlang Kapampangan.

Hindi rin itinuturing ng pamunuan ng sentro na kakumpitensya ang iba pang museo sa Pampanga, kundi katuwang sa pagpapayaman ng pamanang Kapampangan. Itinuturing nila itong bahagi ng mas malawak na adhikain na mapanatili at mapalaganap ang kasaysayan at kultura ng rehiyon. Sa kabila nito, nananatiling mataas ang kanilang pamantayan sa paggawa ng mga eksibisyon, tinitiyak na ang bawat isa ay nagpapakita ng tapat, makabuluhan, at nakatutok sa konteksto ng pagkakakilanlang Kapampangan. Ayon nga kina Tantingco at Lopez (2025), "We want it to be creative, out of the box, multifaceted... and we want everything to be done with excellence. Hindi puwede ang 'puwede na.'"

Sa ganitong pananaw, nagiging huwaran ang mga museo ng CKS sa larangan ng pagtatanghal ng kasaysayan at kultura. Sa patuloy na pagyakap sa modernisasyon, kasabay ng masusing pananaliksik at malikhaing pamamaraan, mananatili itong mahalaga at makabuluhan para sa mga susunod pang henerasyon.

## KONKLUSYON

Ang mga museo ngsentro ay hindi lamang mga taguan ng mga artepakto kundi mga dinamikong espasyo ng pagsusuri, pagninilay, at pagpapahalaga sa kasaysayan, sining, at kultura ng mga Kapampangan. Mula sa masusing pananaliksik at malikhaing pagtatanghal, nagiging buhay na salamin ang mga ito ng identidad at kolektibong alaala ng mga Kapampangan sa gitna ng patuloy na pagbabago ng panahon. Ang mga eksibit at koleksiyong matatagpuan sa mga museo ng CKS ay hindi lamang nagsasalaysay ng nakaraan kundi nag-uugnay din sa kasalukuyang konteksto at hinaharap ng pagkakakilanlang Kapampangan.

Mahalaga ang papel ng Holy Angel University sa pagtataguyod ng mga museo bilang bahagi ng mas malawak na adhikain nitong panatilihin at pagyamanin ang diwang Kapampangan. Ang mga museo ay hindi lamang akademikong inisyatiba kundi isang panlipunang adhikain na naglalayong gawing mas inklusibo at naaabot ng publiko ang Araling Kapampangan. Sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng iba't ibang pasilidad mula sa mga

tradisyonal na eksibisyon hanggang sa mga interaktibong pagtatanghal, nagiging bukas na daluyan ang mga museo hindi lamang para sa mga iskolar kundi para rin sa sinumang nagnanais na maunawaan at maramdaman ang lawak at lalim ng pamanang Kapampangan.

Sa kabuuan, ang mga museo ng CKS ay hindi lamang tagapangalaga ng nakaraan kundi aktibong kalahok sa patuloy na paghubog ng pagkakakilanlang Kapampangan. Naglalaman ang mga ito ng mga naratibo ng tagumpay, sakripisyo, at patuloy na pagbangon ng mga Kapampangan, na nagpapakita ng isang kulturang hindi lamang iniingatan kundi patuloy ding nalilikha at pinauunlad. Sa pamamagitan ng patuloy na inobasyon at pagsasangkot ng komunidad, mananatiling mahalaga at makabuluhan ang mga museo ng CKS sa paglinang ng malay at pagmamalasakit sa sariling kasaysayan at kultura—isang pamana para sa kasalukuyan at susunod pang henerasyon.

## REKOMENDASYON

Upang higit pang mapatatag ang mga museo ng sentro bilang tagapagtaguyod ng pagkakakilanlang Kapampangan, nakikita na makatutulong ang suporta ng lokal na pamahalaan. Dapat magpatibay ng mga ordinansa o resolusyon ang pamahalaang panlalawigan at mga lokal na yunit upang kilalanin ang mga museo bilang mahahalagang institusyon sa pagpapanatili ng kultura. Mahalaga rin ang paglalaan ng pondo para sa modernisasyon ng mga eksibit at pagsasagawa ng outreach programs na magpapalaganap ng Araling Kapampangan sa mga paaralan at komunidad. Kaugnay nito, dapat hikayatin ang Department of Education R-III (DepEd) at Commission on Higher Education R-III (CHEDRO III) na isama ang Araling Kapampangan sa kurikulum ng mga paaralan at makipagtulungan sa mga museo upang makalikha ng mga kagamitang panturo. Mahalaga rin ang pagtatatag ng Public-Private Partnerships (PPP) upang makakuha ng suporta mula sa pribadong sektor sa pamamagitan ng sponsorships at grants pati na rin ang pagbibigay ng tax incentives sa mga kumpanyang susuporta sa mga programang pangkultura.

Para naman sa mga susunod na mananaliksik, maaari nilang tingnan ang Angeles Electric Company Museum at suriin ang implikasyon nito sa pagkakakilanlan ng Pampanga bilang ito ay may mahalagang ambag sa industriyal na kasaysayan ng lalawigan. Mahalaga ring tuklasin ang papel ng makabagong teknolohiya, tulad ng artificial intelligence (AI), virtual reality (VR), at augmented reality (AR), sa pagpapayaman ng karanasan ng mga bisita at pagpapalawak ng saklaw ng edukasyong pangkultura. Bukod dito, maaaring pag-aralan ang ugnayan ng turismo at preserbasyon ng pamanang Kapampangan sa pamamagitan ng pagsusuri kung paano maaaring maging instrumento ang mga museo sa pagpapalakas ng turismo sa Pampanga

at kung paano ito makatutulong sa pangangalaga ng pamanang kultural. Sa huli, mahalaga rin ang pagbuo ng mas malawak na diskurso tungkol sa pagkakakilanlang Kapampangan sa pamamagitan ng pagsusuri sa pananaw ng iba't ibang henerasyon at kung paano ito naiimpluwensyahan ng mga museo at iba pang institusyong pangkultura.

## BIBLIOGRAPIYA

Acabado, Stephen B., and Marlon M. Martin. "Decolonizing the Past, Empowering the Future: CommunityLed Heritage Conservation in Ifugao, Philippines." *Journal of Community Archaeology & Heritage* 7, no. 3 (2020): 171186. https://doi.org/10.1080/20518196.2020.1767383.

Arcellaz, Princess Clea. "Jose B. Lingad Museum Opens in Lubao Town." *SunStar Pampanga*, December 19, 2022. https://www.sunstar.com.ph/pampanga/local-news/jose-b-lingad-museum-opens-in-lubao-town.

Bennett, Tony. *The Birth of the Museum: History, Theory, Politics*. London: Routledge, 1995.

Chippindale, Christopher. "The Origins of Museums: The Cabinet of Curiosities in Sixteenth and SeventeenthCentury Europe." *The Antiquaries Journal* 67, no. 1 (1987): 181183. https://doi.org/10.1017/S0003581500026986.

Center for Kapampangan Studies. "Home." Center for Kapampangan Studies, Holy Angel University. Accessed April 21, 2025. https://kapampangancenter.org/.

Evendo. "BaleBalayan: Museum for the Poor and Center for Transformation through the Arts." Evendo. Accessed April 21, 2025. https://evendo.com/locations/philippines/angeles-city/balibago/attraction/bale-balayan-museum-for-the-poor-and-center-for-transformation-through-the-arts.

Guide to the Philippines. "Museo ning Ángeles." Guide to the Philippines. Accessed April 21, 2025. https://guidetothephilippines.ph/destinations-and-attractions/museo-ning-angeles.

Harris, Richard. "The National Museum of the Philippines: A Case Study in the Representation of National Identity." *Chukyo Keieikenkyu* 12, no. 1 (2002): 85108. Chukyo University. https://chukyo-u.repo.nii.ac.jp/record/16037/files/KJ00004853593.pdf.

Horta, Maria de Lourdes P. "Museum Semiotics: A New Approach to Museum Communication." PhD diss., University of Leicester, 1992. figshare. https://figshare.le.ac.uk/articles/thesis/Museum_semiotics_A_new_approach_to_museum_communication_/10188413?file=18359117.

Impey, Oliver, and Arthur MacGregor, eds. *The Origins of Museums: The Cabinet of Curiosities in Sixteenth and SeventeenthCentury Europe*. Oxford: Clarendon Press, 1985.

Knell, Simon; Suzanne MacLeod; and Sheila Watson, eds. *Museum Revolutions: How Museums Change and Are Changed*. London: Routledge, 2007.

McLean, Fiona. "Museums and the Construction of National Identity: A Review." *International Journal of Heritage Studies* 3, no. 4 (1998): 244252. https://doi.org/10.1080/13527259808722211.

Medina, Phillip Norbert Ahmad Lacson. *Gathering the Uncollected: Accounting and Curating Silang's Heritage.* Master's thesis, University of the Philippines, 2013. https://www.academia.edu/25769270/Medina_I_1_Gathering_The_Uncollected_Accounting_And_Curating_Silangs_Heritage.

Montalvan, Antonio J. II. "Exclusions, Inclusions: The Higaunon as Voice in Cagayan de Oro Museography." In *ICME Conference Proceedings*, 2013. https://icme.mini.icom.museum/wp-content/uploads/sites/16/2019/01/ICME_2013_Montalvan_paper.pdf.

Museu.MS. "Clark Museum and 4D Theater." Museu.MS. Accessed April 21, 2025. https://museu.ms/museum/details/18232/clark-museum-and-4d-theater.

Museum of Philippine Social History. "Home." National Historical Commission of the Philippines. Accessed April 21, 2025. https://museumofphilippinesocialhistorysite.wordpress.com/.

My Story, My SM. "Willy Layug." SM Investments Corporation. Accessed April 21, 2025. https://mystorymysm.com/willy-layug/.

National Historical Commission of the Philippines. "The NHCP Museo at Aklatan ni Pangulong Diosdado Macapagal." Facebook, October 2019. https://www.facebook.com/photo.php?fbid=2763365540649925&id=2169075943412224&set=a.2169167036736448.

National Museum of the Philippines. "Home." Accessed April 21, 2025. https://www.nationalmuseum.gov.ph/.

Orejas, Tonette T. "Up Close with National Artists in This Pampanga Museum." *Philippine Daily Inquirer*, July 16, 2023. https://newsinfo.inquirer.net/1802200/up-close-with-national-artists-in-this-pampanga-museum.

SalvadorAmores, Analyn. "Circulating Anthropological Knowledge through the Museo Kordilyera, UP Baguio's Ethnographic Museum." *Aghamtao* 26 (2018): 4973. https://pssc.org.ph/wp-content/pssc-archives/Aghamtao/2018/06%20Amores_Circulating.pdf.

Smith, Laurajane. *Uses of Heritage*. London: Routledge, 2006. https://doi.org/10.4324/9780203602263.

Tolentino, Rico Paulo G. "Traces from the Heritage of the Past: The Reconstruction of Baliwag Municipal Museum Architecture." *International Journal of Recent Innovations in Academic Research* 3, no. 11 (November 2019): 923. https://doi.org/10.5281/zenodo.3662388. Zenodo

VillamarinKindipan, Ailyn A. "Community Museum Management: A Case Study of the Ifugao Museum in the Philippines." Paper presented at AIMAC 2003 Conference. 2003. https://ernest.hec.ca/video/pedagogie/gestion_des_arts/AIMAC/2003/resources/pdf/C/C35_Kindipan.pdf.

Walsh, Kevin. *The Representation of the Past: Museums and Heritage in the PostModern World*. London: Routledge, 1992.

## TALA SA MAY AKDA

Si Wilma Maningas Cruz ay isang fakulti sa Pampanga State University sa Bacolor, Pampanga, kung saan siya ay nagtuturo ng mga kursong Filipino, kabilang ang mga asignaturang pang-medyor at pangkalahatang edukasyon. Ang kanyang mga interes sa pananaliksik ay nakatuon sa pag-aaral ng kultura. Kritikal na sinusuri ng kanyang mga pananaliksik ang kolektibong alaala, kultural na identidad, at ang pagpapanatili ng pamanang kultural. Sa pamamagitan ng kanyang interdisiplinaryong pananaliksik, layunin niyang makapag-ambag sa mas malawak na diskurso hinggil sa representasyon at preserbasyon ng kultura at identidad sa Pilipinas, na may partikular na pagbibigay-diin sa mga Kapampangan.